
1

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Paraan sa Aking Pagpasok sa Paaralan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan– Modyul 04: Paraan sa aking Pagpasok sa Paaralan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Roselily M. Esteban

**Editors:** Marjorie D. Pilon, Editha V. Blas, Hilda R. Mariano

**Tagasuri:** Perfecta M. Bautista, Elizabeth R Berdadero, Jenelyn B. Butac, Miraflor D. Mariano

**Tagaguhit:** Divina B. Sinense

**Tagalapat:** Elizabeth R Berdadero, Jay Lord B. Gallarde

**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat Markahan – Modyul 4: Mga Paraan sa Aking Pagpasok sa Paaralan

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:
Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Buhay

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Buhay Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at |

malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga mahahalagang bagay na nakatutulong sa atin upang maging maginhawa sa buhay.


Matutunan mo sa modyul na ito ang konsepto ng lugar, lokasyon at distansiya sa pang araw-araw na buhay sa pamamagitan ng iba't ibang transportasyon mula tahanan patungo sa paaralan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Naiuugnay ang konsepto ng lugar, lokasyon at distansiya sa pang araw-araw na buhay sa pamamagitan ng iba't ibang transportasyon mula tahanan patungo sa paaralan.

# Subukin

**Panuto:** Paano ka nakararating sa iyong paaralan? Lagyan ng tsek( √ ) ang mga larawang tumutukoy sa mga paraan upang makarating ka sa iyong paaralan.



| Modyul 4 | Mga Paraan sa aking Pagpasok sa aking Paaralan |
|---|---|

## *Balikan*

**Panuto:** Piliin at bilugan ang mga lugar o estruktura na nadaanan ng bata pagpasok sa paaralan.

| | |
|---|---|
| palengke | simbahan |
| ospital | bukid |
| talipapa | banko |
| palaruan | *mall* |
| tindahan | *computer shop* |
| *water station* | paliparan |

## Tuklasin

Panuto:Basahin ang tula

***Pagpasok sa Paaralan***

ni *Roselily M. Esteban*

Paano  nga ba makararating sa iyong paaralan?
May mga   paraan upang ito ay mapuntahan
Maaaring  kang maglakad  kung malapit lamang
Pwedeng sumakay sa bisikleta kung kinakailangan

Paaralan mo ba'y medyo may kalayuan?
Maaari kang sumakay sa traysikel o motorsiklo
O 'di kaya ay pahatid sa kotse kung mayroon man
Ang ibang bata sa bus nakikipagsiksikan

Kung nakatira naman sa malubak na daan
Kuliglig ang ginagamit na sasakyan
Kung katubigan,  bangka ang kailangan
Pwede naman ang dyip kung malayo ang paaralan

## *Suriin*

Maraming paraan upang makarating ang isang bata sa paaralan. May kaugnayan ito sa lokasyon at distansiya ng tirahan sa paaralan.

Kung malapit na malapit lang ang tirahan sa paaralan, maaring maglakad na lamang. Kung medyo malayo naman maaaring sumakay sa motorsiklo, traysikel, bisikleta, o kotse.

Maaaring ding marating ang paaralan sa pagsakay sa dyip, bus o van kung malayong-malayo ang tirahan sa paaralan.

Pwede ding sumakay sa kuliglig kung ang tirahan ay nasa kabukiran o malubak ang daan. Kung may katubigan naman na madadaanan, maaari naman sumakay sa bangka.

# Pagyamanin

Gawain 1

**A. Panuto:** Basahin ang mga uri ng sasakyan na nasa kahon. Hanapin at bilugan ang mga ito sa puzzle.

| bangka | kuliglig | traysikel | bisikleta | bus |
|---|---|---|---|---|

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | K | U | L | I | G | L | I | G |
| D | H | B | B | U | S | T | M | T |
| T | R | A | Y | S | I | K | E | L |
| G | I | J | D | O | I | P | O | P |
| B | A | N | G | K | A | V | P | Q |
| B | I | S | I | K | L | E | T | A |
| H | L | P | L | A | I | T | A | B |

Gawain 2

**Panuto**: Bilugan ang paraang ginagamit sa pagpasok sa paaralan na may kaugnayan sa distansiya at lokasyon sa sitwasyong isinasaad sa pangungusap.

1. Kung ang bahay mo ay malapit lang sa paaralan.






2. b arating
sc





3. Kung ang bahay ay malayong malayo sa paaralan


# Isaisip

Panuto: Isulat ang tamang salita sa bawat patlang.

Piliin sa kahon ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| bisikleta | bus | paaralan |



Maraming paraan para makarating ka sa iyong ________________________. Maaari kang gumamit ng ________________________ kung malapit ang inyong bahay sa iyong paaralan. ___________ ang sasakyan mo kung sadyang napakalayo ng iyong inyong pinag-aaralan.

## *Isagawa*

Panuto: Iguhit mo sa kahon ang ginagamit mong paraan upang makarating sa iyong paaralan.


## *Tayahin*


**Panuto**: Ikabit sa pamamagitan ng linya ang mga larawan sa Hanay A at Hanay B.


| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
|  |  |
|  |  |
|  |  |

# *Karagdagang Gawain*


**Panuto:** Buuin ang crossword puzzle. Gawing gabay ang mga larawan.




1.  Ito ang karaniwang ginagamit ng mga bata katulad mo sa pagpasok sa paaralan.

2.  Ito ang ginagamit mo kung malayo ang iyong paaralan sa inyong bahay

3.  Ito ay ginagamit kapag nasa palibot lang o medyo malapit ang paaralan sa tahanan.

4  Kapag may madadaanan na ilog bago marating ang paaralan

# Susi sa Pagwawawasto

**Karagdagang gawain**

1. Traysikel
2. Dyip
3. Bisikleta
4. bangka

**Tayahin**

1. ilog-bangka
2. bukid-kuliglig
3. lungsog-bus

**Isagawa**

Magkakaiba ang guhit na maaaring gawin ng mga bata

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | K | U | L | I | G | L | I | G |
| D | H | B | B | U | S | T | M | T |
| I | R | A | Y | S | I | K | E | L |
| G | I | J | D | O | I | P | O | P |
| B | A | N | G | K | A | V | P | Q |
| B | I | S | I | K | L | E | T | A |
| H | L | P | L | A | I | T | A | B |

Gawain 2

1, maglakas
2. bangka
3. bus

**Balikan**

Magkakaiba ang sagot depende sa lokasyon ng paaralan

**Subukin**

Magkakaiba ang sagot ng mga bata depende sa layo at lokasyon ng kanilang tahanan

# *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide, Araling Panlipunan 1

Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog) Mga Manunulat:

Noel P. Miranda, Odilon B. Ocampo
Rodel Q. Amita, Violeta E. Reyes
Malou M. De Ramos, Lenie A. Tiamzon
Ma. Corazon V. Adriano, Emily R. Quintos

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph